# Propeta'y Sundin








3. Si propetang Noe ay nanawagan,
   Utos n'yang magsisi ay 'di pinakinggan.
   Tao'y nagkasala—ayaw s'yang dinggin.
   Ngunit nagsisi nang biglang ulanin.

4. Abraham, propetang nais ay anak,
   Nanalangin s'ya't 'sinilang si Isaac.
   Anak ni Isaac, Isr'el ang ngalan;
   Labindal'wang tribo, ay s'yang pinagmulan.

5. Ang propetang Moises, ay isinugo.
   Dadalhin ang Isr'el sa lupang pangako.
   Ngunit Israel, ayaw magpagabay.
   Kaytagal nilang sa gubat naglakbay.

6. Propetang Samuel, bata pang hinirang.
   Sa Diyos ay ipinangako s'ya ni Ana.
   Ngala'y tinawag sa tabernakulo;
   Sagot niya sa Diyos "Narito ako!"

7. Propetang Jonas, ayaw manilbihan.
   Ngunit pagsunod ay kanya ring nalaman.
   Sa t'yan ng balyena, siya ay natuto.
   Tutulong ang Diyos 'pag nagsikap tayo.

8. Propetang Daniel, ayaw magkasala;
   Hari'y pinatapon s'ya sa isang k'weba.
   Bawat leon, pinaamo ng anghel.
   Dahil masunurin ligtas si Daniel.

9. Sa mundo ngayon ang tao'y balisa,
   Pawang kaguluhan nababalita.
   Ngunit may gabay sa bawat gawain,
   Propeta'y pakinggan—tinig ay sundin.

*Titik at himig:* Duane E. Hiatt, p. 1937. © 1989 IRI

*(Adan)* Moises 5:4–12, 58–59
*(Enoc)* Moises 6:26–28; 7:13–21
*(Noe)* Genesis 6–8
*(Abraham)* Genesis 12–50
*(Moises)* Exodo 3; Mga Bilang 14
*(Samuel)* 1 Samuel 1; 3:1–10
*(Jonas)* Jonas 1–3
*(Daniel)* Daniel 6
*(Ngayon)* Doktrina at mga Tipan 21:4–7